

Ang mga Katotohanan tungkol sa mga Bakuna ng COVID-19

Ligtas ba ang mga bakuna sa COVID-19?



OO. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at mabisa. Milyun-milyong mga tao sa Estados Unidos ang nakatanggap na ng mga bakuna sa COVID-19, at ang mga bakunang ito ay sumailalim sa masinsinang pagsubaybay ng kaligtasan sa kasaysayan ng Estados Unidos. Bago pahintulutan para magamit, ang lahat ng bakuna sa COVID-19 ay sinuri na sa mga klinikal na pagsubok na kinasasangkutan ng sampu-sampung libo ng mga tao upang matiyak na natutugunan nila ang mga pamantayan sa kaligtasan at protektado ang mga may sapat na gulang na may iba't ibang edad, lahi, at etniko. Walang mga seryosong alalahanin sa kaligtasan sa mga pagsubok. Patuloy na sinusubaybayan ng CDC at ng FDA ang mga bakuna upang matiyak na ligtas sila.

Mas mabuti ba na makuha ang kaligtasan sa sakit na COVID-19 mula sa bakuna kaysa sa likas na kaligtasan?



OO. Habang maaaring mayroon kang ilang panandaliang proteksyon pagkatapos na makabawi mula sa COVID-19, hindi natin alam kung gaano katagal ang proteksyon na ito. Ang pagpapabakuna ay ang pinakamahusay na proteksyon. Ang mga taong nakakakuha ng COVID-19 ay maaaring magkaroon ng mga seryosong karamdaman, at ang ilan ay mayroong mga nakakapanghina na sintomas na mananatili sa loob ng ilang buwan.

Maaari ba akong bigyan ng COVID-19 ng bakuna?




HINDI. Wala sa mga bakuna ng COVID-19 na kasalukuyang ginagamit o binubuo sa Estados Unidos ang naglalaman ng buhay na virus na sanhi ng COVID-19. Nangangahulugan ito na ang isang COVID-19 na bakuna ay hindi ka magkakasakit ng COVID-19.

Kung nagkaroon na ako ng COVID-19 at gumaling na, kailangan ko pa bang mabakunahan?



OO. Dapat kang mabakunahan kahit na nagkaroon kana ng COVID-19. Habang maaaring mayroon kang ilang panandaliang proteksyon pagkatapos gumaling mula sa COVID-19, hindi natin alam kung hanggang kalian magtatagal ang proteksyon na ito.

Pinoprotektahan ba ako ng bakuna sa trangkaso laban sa COVID-19?



HINDI. Ito ay dalawang magkakaibang bakuna. Hindi ka mapoprotektahan ng pagkuha ng bakuna sa trangkaso laban sa COVID-19. Ngunit mapipigilan ka ng bakuna sa trangkaso mula sa pagkakaroon ng trangkaso kasabay ng COVID-19. Mapipigilan ka nito na magkaroon ng mas matinding karamdaman.



Kailangan ko bang magsuot ng mask at umiwas sa malapit na pakikipag-ugnay sa iba kung natanggap ko na ang buong bakuna?



OO. Ang unang mga bakuna na inaprubahan sa US ay may 95% epektibo sa pagpigil sa sakit na mula sa COVID-19. Gayunman, hindi natin alam kung gaano kahusay nilang pinipigilan ang impeksyon na hindi nagsasanhi ng mga sintomas. Nangangahulugan ito na hindi natin alam kung gaano kakaraniwang na ang tao na nakakuha ng bakuna para dalhin ang virus at ibigay ito sa iba, pati na yaong mga may mataas na panganib ng malubhang karamdaman o kamatayan.

Samakatuwid, ito ay napakahalaga pa din para sa mga nabakunahan, at para sa natitirang populasyon na naghihintay para sa kanilang mga bakuna, upang magpatuloy sa paggamit ng lahat ng mga paraan na magagamit upang makatulong na itigil ang pandemikong ito:

- Magsuot ng mask na tinatakpan ang iyong bibig at ilong kapag nasa labas ng iyong bahay
- Umiwas sa mga pagtitipon
- Umiwas sa pananatili sa panaloob kasama ang mga taong hindi nakatira sa bahay mo
- Manatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa iba
- Hugasan ang mga kamay nang madalas pagkatapos humawak sa mga ibinahaging mga bagay o paghawak sa iyong mukha

Ang mga paraan na ito, kasama ang pagpapabakuna ng COVID-19, ay mag-bibigay ng pinakamahasag na proteksyon mula sa pagkakasakit at pagkalat ng COVID-19.


Maaapektuhan ba ng bakuna ang aking DNA?



HINDI. Ang mga bakuna ay hindi nakakaapekto o nakikipag-ugnay sa ating DNA sa anumang paraan. Ang mRNA ay hindi kailanman pumapasok sa nucleus ng cell, kung saan itinatago ang ating DNA (materyal na genetiko).

Na-update noong 2/9/2021

Narinig ko ang usap-usapan na ito tungkol sa microchip— may katotohanan ba ito?



HINDI. Alam namin na maraming mga tao ang may mga katanungan tungkol sa bakuna, at may mga halimbawa kung saan kumalat ang maling impormasyon tungkol sa bakuna, tulad ng maling usap-usapan na ito tungkol sa pagsubaybay sa "microchip." Walang bakunang "microchip" at ang maling usap-usapan na ito ay hindi batay sa katunayan.

Maaari pa din ba na kunin ng mga tao ang bakuna kung nais nilang magkaroon ng mga anak sa hinaharap?



OO. Ang mga taong nais na mag buntis sa hinaharap ay maaaring makatanggap ng bakuna sa COVID-19 kapag ito ay magagamit na sa kanila. Batay sa kasalukuyang kaalaman, naniniwala ang mga eksperto sa medisina na ang mga bakuna sa COVID-19 ay malamang na hindi magdudulot ng maikli o pangmatagalang panganib sa mga nais na mabuntis.

Ano ang mga epekto ng bakunang COVID-19?



Ang pinakaraniwang mga epekto mula sa bakunang ito ay may kasamang pagkapagod, pananakit ng kalamnan, sakit ng kasukasuan, lagnat, pananakit ng ulo, pananakit at pamumula sa lugar ng bakuna, na nagaganap sa loob ng unang 3 araw ng pagpapabakuna, at malulutas sa loob ng 1-3 araw na nagsimula. Ang mga sintomas na ito ay mas karaniwan pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakuna at ang karamihan ng mga epekto ay banayad. Ang mga epekto ay palatandaan na ang bakuna ay gumagana upang mabuo ang kaligtasan sa sakit.



City and County
of San Francisco



[sf.gov/fil/
CovidVaccine](https://sf.gov/fil/CovidVaccine)